



# Mga Balita

Departamento ng Paggawa ng U.S. | Mayo 16, 2024

## **Ipinahayag ng Departamento ng Paggawa ang pagpapalawak ng website ng mga karapatan ng migranteng manggagawa**

*Nagdaragdag ang [MigrantWorker.gov](https://migrantworker.gov) ng bagong nilalaman sa 6 na wika para makatulong na protektahan ang lahat ng manggagawa sa US*

**WASHINGTON** – Ipinahayag ngayon ng Departamento ng Paggawa ang makabuluhang pagpapalawak ng [MigrantWorker.gov](https://migrantworker.gov) at ang Espanyol na bersyon nito, [TrabajadorMigrante.gov](https://trabajadormigrante.gov), mga website na nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para makatulong na protektahan ang mga karapatan ng lahat ng manggagawa sa U.S., anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Sa pagpapalawak na ito, nag-aalok na ngayon ang website ng nilalaman sa walong wika kabilang ang pagdaragdag ng [Arabic](#), [Simplified Chinese](#), [Haitian Creole](#), [Portuguese](#), [Tagalog](#) at [Vietnamese](#) na idinagdag sa mga handog nito sa Ingles at Espanyol, na nagbibigay ng mas malawak na hanay ng kinakailangang access ng mga manggagawa sa mahalagang impormasyon sa mga pederal na regulasyong nagpoprotekta sa kanilang mga karapatan sa isang ligtas na lugar ng trabaho na walang diskriminasyon o panliligalig; ang karapatang magorganisa ng unyon; at ang karapatang tanungin ang kanilang employer tungkol sa sahod o mga gawi sa lugar ng trabaho. Nagbibigay din ang site ng mga tagubilin kung paano maaaring magsampa ng reklamo ang mga manggagawa kung sa tingin nila ay nilabag ang kanilang mga karapatan.

Nagdagdag din ang [TrabajadorMigrante.gov](https://trabajadormigrante.gov) ng mga bagong video sa wikang Espanyol sa mga karaniwang hamon na kinakaharap ng mga migrante, kabilang ang ligtas na transportasyon sa mga lugar ng trabaho, mga ilegal na bayad sa pag-recruit at ang karapatan ng mga nagpapasusong empleyado na magkaroon ng naaangkop na lugar at oras para magpalabas ng gatas sa suso. Ang mga video na ito ay isinasama sa library ng mga kasalukuyang video sa pagnanakaw ng sahod, pagkakalantad sa init at hindi ligtas na mga kondisyon sa trabaho, lahat ng ito ay maikli at madaling ma-access sa mga mobile at desktop na device.

Nagbibigay din ang website ng impormasyon sa [Programa ng Consular Partnership](#), ng departamento, na kinabibilangan ng lumalaking listahan ng mga alyansa sa pagitan ng departamento at mga embahada at konsulado ng Dominican Republic, El Salvador, Guatemala, Honduras at Mexico. Makakahanap ng mga detalye ang mga manggagawa kung paano mahahanap at makipag-ugnayan sa mga konsulado ng U.S. ng kanilang mga bansang pinagmulan pati na rin ang mga sagot sa kanilang mga alalahanin tungkol sa kanilang mga karapatan.

[Matuto nang higit pa tungkol sa internasyonal na gawain ng departamento.](#)

###

### **Mga Contact sa Media:**

Maa-access ang mga materyales ng balita ng Departamento ng Paggawa (Department of Labor) ng U.S. sa <http://www.dol.gov>. Kinoconvert ng [Sentro ng Mapagkukunan sa Makatuwirang Akomodasyon](#) ng departamento ang mga impormasyon at dokumento ng departamento sa mga alternatibong format, na kinabibilangan ng Braille at malalaking letra. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa departamento sa (202) 693-7828 (boses) o (800) 877-8339 (pederal na relay).

Christine Feroli, 301-793-3023, [feroli.christine.e@dol.gov](mailto:feroli.christine.e@dol.gov)

Ryan Honick, 202-693-4247, [honick.ryan.l@dol.gov](mailto:honick.ryan.l@dol.gov)

Release Number: 24-838-NAT

Maa-access ang mga materyales ng balita ng Departamento ng Paggawa (Department of Labor) ng U.S. sa <http://www.dol.gov>. Kino-convert ng [Sentro ng Mapagkukunan sa Makatuwirang Akomodasyon](#) ng departamento ang mga impormasyon at dokumento ng departamento sa mga alternatibong format, na kinabibilangan ng Braille at malalaking letra. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa departamento sa (202) 693-7828 (boses) o (800) 877-8339 (pederal na relay).